



Ang mga limitasyon sa pagtipon-tipon sa Brampton ay ibinaba para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19

Pinapahaba ng Lungsod ang mga ordinansa kaugnay ng COVID-19 hanggang Enero 2021 para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente

BRAMPTON, ON (Setyembre 18, 2020) – Kahapon, inanunsyo ng Pamahalaan ng Ontario na simula sa araw na ito, ang di-naka-monitor na mga pagtipon-tipon at inorganisang mga pampublikong event sa Brampton at sa buong Rehiyon ng Peel ay binabaan hanggang sa sampung tao sa loob at 25 tao sa labas para makontrol ang pagkalat ng COVID-19. Kabilang dito ang mga function, mga party, dinner, pagtitipon, BBQs o resepsyon sa kasal sa mga pribadong residensya, likod-bahay, mga parke at iba pang mga panlibangang lugar.

Ang bagong limit ay hindi mailalapat sa mga event o pagtitipon na ginanap sa may kawaning mga negosyo at mga pasilidad, tulad ng mga bar, restawran, mga sinehan, convention centres o banquet halls, gyms, at panlibangang sporting o performing art events. Patuloy na may bisa ang umiiral na mga tuntunin, kabilang ang mga pangkaligtasang pamamaraan ng public health at ng lugar ng trabaho, para sa mga negosyo at mga pasilidad na ito. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [media release](#) ng Pamahalaan ng Ontario.

Para makatulong sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente at suportahan ang mga pagsisikap ng Pamahalaan ng Ontario at Rehiyon ng Peel na makontrol ang pagkalat ng COVID-19, ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay pinahaba ang pagkapaso ng Ordinansa ng Brampton sa Mga Pamamaraan sa Emergency sa COVID-19 at Ordinansa ng Brampton sa Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha sa COVID-19 hanggang Enero 31, 2021.

Ordinansa ng Brampton sa mga Pamamaraan sa Emergency sa COVID-19

Sa ilalim ng Ordinansa ng Brampton sa Mga Pamamaraan sa Emergency sa COVID-19, ang mga indibidwal na hindi sumusunod sa regulasyon ng paglayo mula sa iba ay maaaring mamumultahan ng pinakamababa \$500 at pinakamalaki hanggang \$100,000 para sa bawat paglabag.

Ang mga munisipal na regulasyon sa ilalim ng ordinansa ay nagsasaad na:

- Ang bawat tao ay dapat magpapanatili ng pinakamababa 2.0 metrong distansya mula sa iba kapag nasa pampublikong propyedad, maliban sa mga taong magkasamang naninirahan sa kaparehong bahay
- Walang magpapahintulot na negosyo sa sinumang tao na uupo o tatayo sa loob o labas ng negosyo sa distansya na mas mababa sa 2 metro mula sa ibang tao, maliban sa mga tao na magkasamang naninirahan sa iisang bahay o sa mga empleyado ng negosyo.



Ordinansa ng Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha, ang mga hindi medikal na mask o mga takip ng mukha ay iniuutos sa lahat ng indoor na mga pampublikong espasyo sa Brampton para makatulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19. Ang pansamantalang ordinansa ay nag-uutos sa mga pampublikong establisyemento at mga negosyo na tiyakin na ang mga mask o mga takip ng mukha ay isinusuot sa indoor na mga pampublikong espasyo sa ilalim ng kanilang kontrol.

Hindi sinasali ng ordinansa ang ilang indibidwal, kabilang ang mga hindi makakapagsuot ng mask o pantakip ng mukha dahil sa mga medikal na dahilan; mga batang wala pang dalawang taong gulang; mga indibidwal na kalahok sa pang-atletang gawain na naaayon sa Mga Kautusan sa Emergency at mga indibidwal na kumukonsumo ng pagkain o inumin sa isang pinapayagang establisyemento (kapag pinapayagan ng Probinsya na muling magbubukas ang indoor na pagkain. Para sa isang kumpletong talaan, bisitahin ang: brampton.ca/masks

Ang mga residente at mga negosyo ay maaaring tumawag sa 311 para mag-ulat ng hindi pagsunod.

Para sa pinakahuling mga update sa tugon ng Lungsod ng Brampton sa COVID-19, bisitahin ang brampton.ca/COVID19

Mga Quote

“Ang Lungsod ng Brampton ay magpapatuloy sa paggawa ng anumang kailangang mga hakbang para protektahan ang ating komunidad. Hinihikayat ko ang mga residente na ugaliin ang paglayo mula sa iba, sumunod sa bagong mga limitasyon sa pagtitipon-tipon at sundin ang Ordinansa ng Brampton sa Mga Pamamaraan sa Emergency sa COVID-19 at Ordinansa sa Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha. Kailangang magtulungan tayo na panatilihin ang ligtas ang Brampton at pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Napakahalaga na bilang isang komunidad, patuloy nating isagawa ang pagsisikap na kailangan para mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa Brampton. Hinihiling ko sa mga residente na mangyaring sundin ang ating pinahabang Ordinansa ng Brampton sa Mga Pamamaraan sa Emergency ng COVID-19 at ang Ordinansa sa Mandatoryong, at igalang ang pinababang limitasyon ng pagtitipon-tipon, para magkasama, aabante tayo sa ating daan sa pagbangon at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Patuloy na matinding siniseryoso ng Lungsod ang transmisyong COVID-19 sa ating komunidad. Ang pagpapahaba ng ating Ordinansa ng Brampton sa Mga Pamamaraan sa Emergency ng COVID-19 at ang Ordinansa sa Mandatoryong Pagtatakip ay magpapahintulot sa mga staff, sa pamamagitan ng pagpapatupad, na itaguyod ang paglayo mula sa iba at ang mga limitasyon sa pagtitipon-tipon at ang

paggamit ng hindi medikal na mga mask sa buong komunidad natin bilang pagsisikap na pigilan ang pagkalat ng COVID-19.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca